**Sa libretang ito mababasa mo ang mga sa sagot sa mga su-musunod na tanong tungkol sa serbisyo ng iyong telepono:**

- Puwede bang ihinto ng kumpanya ng telepeno ang aking serbisyo?
- Ano ang mga kargo kapag huli ang bayad?
- Kailangan ko bang bayaran ang mga kargo na aking inirereklamo?
- Ako ba ay kakargohan ng “late fees” sa mga kargo na aking inirereklamo?
- Papatawan ba ako ng deposito?



Cal Phone Info
California Public Utilities Commission
Telecommunications Education for Californians

Kung kailangan ninyo ng tulong sa reklamo tungkol sa serbisyo ng telekomunikasyon o kuwenta, tumawag muna sa inyong kumpanya ng telepono. Kung hindi maareglo ang inyong problema, maaari kayong magsampa ng reklamo online sa: **www.calphoneinfo.com** o tumawag sa Hotline ng **Consumer Affairs Branch** (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) at ng **Utility Fraud** (Pandaraya Kaugnay sa mga Palingku-rang-bayan) sa: **1(800) 649-7570**

CPUC

Late Payment Fees, Disconnects and Deposits– May 2012—Tagalog

# Mga kargo kapag huli ang bayad, mga diskoneksiyon at mga deposito

KOMISYON NG CALIFORNIA SA MGA GAMIT PAMPUBLIKO






## Mga kargo kapag huli ang bayad, mga diskoneksiyon at mga deposito

### Ano ang mga kargo sa mga huli ang pagbayad?

Ang mga kargo sa huli ang pagbayad ay isinasama sa iyong kuwenta kung ikaw ay huli ng magbayad. Dapat ay nakasaad sa iyong kuwenta kung kailan ipapataw ang ang kargo sa huling pagbabayad at kung magkano ito.

# *Ang inyong mga tanong tungkol sa mga kargo kung huli ang pagbabayad, mga diskoneksiyon at mga deposito*

### Maaari bang idiskonekta o putulin ng kumpanya ng telepono ang aking serbisyo?

Ang iyong serbisyo ay maaaring putulin kung hindi mo binayaran ang mga pangunahing kargo sa serbisyong lokal sa tamang oras. Maaari ka ring putulan kung ikaw ay nagbigay ng maling impormasyon sa oras ng pagkuha ng serbisyo o sa maling paggamit ng serbisyo, tulad ng paggamit ng serbisyong pambahay para sa isang negosyo o lumabag sa kontrata. Bago putulin ang serbisyo, kailangang magpadala ang kumpanya ng abiso sa iyo na ang serbisyo ay ididiskonekta kung hindi mababayaran sa petsang nakasaad sa abiso.

### Kailangan ko bang bayaran ang mga kargo na aking inirereklamo? Ako ba ay bibigyan ng mga dagdag na bayaran dahil sa pagkahuli sa aking mga kargo?

Tawagan ang iyong kumpanya sa telepono upang pagusapan ang kargo. Hindi mo kailangang bayaran ang kargo at hindi kailangang bigyan ng karagdagang bayad dahil sa pagkahuli habang sinusuri ng kumpanya ang iyong reklamo. Kung hindi ayusin ng kumpanya ang kargo, kailangan mong bayaran ito para maiwasan ang karagdagang bayad sa pagkahuli. Kung hindi ka kuntento sa ginawa ng kumpanya, maaari kang magreklamo sa CPUC at ipadala ang iyong bayad dito.

### Kakargohan ba ako ng deposito?

Kung hindi maganda ang istorya ng iyong pagbabayad, o ng iyong antas ng kredito, maaari kang magbayad ng deposito sa pagsimula ng iyong serbisyo. Kung ang iyong telepono ay nadiskonekta dahil sa hindi pagbabayad, maaari kang magbayad ng deposito bago ito maikonektang muli. Ibabalik ang iyong deposito pagkatapos mong mabayaran ang iyong kuwenta sa tamang oras sa loob ng isang taon o kung pinili mong ipaputol ang iyong serbisyo, alinman ang mauna.







### *Serbisyong Emerhensiya 911*

Kahit ang iyong serbisyo ay naputol dahil sa di-pagbabayad, ang mga kumpanya, hanggat posible, ay kailangang pahintulutan kang makatawag sa 9-1-1 mula sa diskonektang linya sa loob ng 120 araw. Ang mga "wireless" na telepono ay walang ganong limitasyon at kailangan lang nito ng kargadong baterya para makatawag sa 9-1-1.

### *Alam mo bang merong mga diskuwento sa serbisyo ng telepono para sa mga mabababa ang suweldo?*

Ang California Lifeline ay nagbibigay ng mga diskuwento at ibinibigay kahit na walang bayad na deposito sa serbisyo ng telepono para sa mga kuwalipikado dito. Maaari kang makakuha ng diskuwento para sa telepono sa bahay o walang-kawad (wireless) na serbisyo, pero maaaring hindi makakuha ng diskuwento sa dalawang serbisyo na sabay.

Para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa California Lifeline: Tumawag sa iyong lokal na kumpanya ng telepono at hingin ang tungkol sa California Lifeline o kaya'y pumunta sa www.californialifeline.com